

Papel Pangkaalaman

Ano ang mangyayari kung nagkaroon ka ng malubhang sakit o seryosong aksidente at hindi mo makausap ang iyong doktor tungkol sa iyong paggamot?



Sino ang tutulong na gumawa ng mga desisyong medikal para sa iyo?
Paano nila malalaman kung ano ang gusto mo?

Isang Pag-uusap para sa Lahat

Maagang Pagpapalano ng Pangangalaga sa Kalusugan sa ACT

Ano ito?

Ito ay isang paraan upang maipaalam sa iyong pamilya at mga doktor kung paano mo gustong maalagaan sakaling mangyari na hindi mo na magawang magdesisyon para sa iyong sarili.

Ang Maagang Pagpapalano ng Pangangalaga sa Kalusugan ay nagbibigay sa iyo ng pagkakataong pag-isipan kung ano ang pinahahalagahan mo sa iyong buhay at sa iyong hinaharap na pangangalaga sa kalusugan. Pagkatapos ay maaari mo itong talakayin sa iyong pamilya at mga doktor.

Bakit ito gagawin?

Tutulungan ka ng maagang pagpapalano ng pangangalaga na gumawa ng mga plano para sa iyong hinaharap na medikal na paggamot at mga pangangailangan sa pangangalaga. Maaaring kabilang sa maagang pagpapalano ng pangangalaga:

- Ang pag-uusap
- Ang Nagtatagal na Kapangyarihan ng Abogado (Enduring Power of Attorney - EPA) – *Legal na dokumento*
- Ang Pahayag ng mga Pinili (Statement of Choices) – *Gabay na dokumento*

- Ang Tunghin ng Kalusugan sa ilalim ng Medikal na Paggamot (Mga Tunghin ng Kalusugan) Batas 2006 (A Health Direction under the Medical Treatment [Health Directions] Act 2006) – *Legal na dokumento*

Upang:

- Tiyakin na ang paggamot at pangangalaga na tatanggapin mo sa hinaharap ay naaayon sa hinahangad mo.
- Suportahan ang iyong mga minamahal upang sa gayon ay hindi nila kailangang gumawa ng mga mahihirap na desisyon para sa iyo nang hindi nalalaman ang gusto mo.
- Maging payapa ang isipan.
- Iwasan ang alitan sa pamilya at ang pangangailangan na kumuha pa ng tagalabas na legal na kinatawan na gagawa ng mga desisyon para sa iyo.

Paano ko ito gagawin?

- Makipag-usap sa iyong pamilya, doktor, mga kaibigan at mga tagapayong ispiritwal tungkol sa iyong mga naisin.

- Kumpletuhin ang dokumento ng Nagtatagal na Kapangyarihan ng Abogado, na pinapangalanan ang taong maaaring gumawa ng mga desisyon sa pangangalaga ng kalusugan para sa iyo kung kinakailangan. Ang taong ito ay maaari ding tawagin na iyong Kapangyarihan ng Abogado o iyong Abogado.
- Isulat ang iyong mga iniisip tungkol sa iyong pangangalaga sa kalusugan sa isang dokumentong tinatawag na *Nagtatagal na Kapangyarihan ng Abogado* o kaya naman ay isulat ang iyong mga pananaw sa isang pormularyo ng *Pahayag ng mga Pinili* o sumulat ng isang liham.
- Magbigay ng mga kopya ng iyong mga dokumento sa iyong pamilya, doktor, tagapayong ispiritwal at sa Respecting Patient Choices Program (Programang Paggalang sa mga Pinili ng Pasyente) sa Canberra Hospital.

Sino ang maaaring tumulong sa iyo sa Maagang Pagpapalano ng Pangangalaga?

- Respecting Patient Choices Team (Pangkat ng Paggalang sa mga Pinili ng Pasyente) sa Canberra Hospital, telepono **6244 3344**
- Iyong Doktor
- Iyong Abogado
- Iyong Tagapayong Ispiritwal

Kung ikaw ay nakatira sa isang pasilidad sa pangangalaga ng mga residente, maaari ka ring magtanong sa iyong nars o doktor para sa tulong sa Maagang Pagpapalano ng Pangangalaga.

Makipag-ugnayan sa Amin

Yelin Hung

Multicultural Liaison Officer
Health Care Consumers Association
(Samahan ng mga Konsyumer ng Pangangalaga sa Kalusugan)

Telepono 02 6230 7800

Email yelinhung@hcca.org.au



www.hcca.org.a



facebook.com/HCCA.ACT

Kapaki-pakinabang ng mga Mapagkukunan (Resources)

- Respecting Patient Choices (Paggalang sa mga Pinili ng Pasyente): telepono **6244 3344**
<http://health.act.gov.au/public-information/consumers/respecting-patient-choices>
- Advance Care Planning Australia (Maagang Pagpapalano ng Pangangalaga sa Australya):
www.advancecareplanning.org.au
- Be My Voice (Maging Aking Tinig):
www.bemyvoice.com.au
- Palliative Care Australia (Palyatibong Pangangalaga sa Australya): www.palliativecare.org.au

Nagsasalita ako ng ibang wika

Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon o nais mong kumpletuhin ang mga dokumento ng Maagang Pagpapalano ng Pangangalaga sa Kalusugan, mahalagang gumamit ng Mga Serbisyo sa Pagsasalina at Pag-iinterpretar (TIS). Makipag-ugnayan sa Pangkat ng Paggalang sa mga Pinili ng Pasyente at humiling na mabigyan ng TIS interpreter.



Tumawag sa **131 450**
para sa libreng
interpreter.